**Journal of Multidisciplinary in Education** | **ISSN print 3082-5024 e 3082-5237**
**AARRC CONSCRIPTOR PUBLISHING CORP** | Volume 1|Issue 4|Dec 9, 2025

**"Strategic Innovations Across Learning, Technology, and Business for Development and Growth"**

# UGAT NG PINAG-UGATAN: PALABUOAN NG MGA SALITANG IMPORMAL TUNGO SA PAGPAPANUKALA NG INTERBENSIYONG PANGWIKA

**Imelda T. Solver**
*Doctor of Philosophy Major in Filipino Language*
*Institute of Graduate and Professional Studies*
*Lyceum-Northwestern University Dagupan City, Pangasinan*
solverimelda0126@gmail.com
DOI: 10.63305/643152

***Abstract*** *- This study examined the use of informal language in the composition writing of Grade 8 students at Manaoag National High School, Manaoag, Pangasinan. Specifically, it aimed to identify the informal words used by the learners, determine their classifications, analyze their morphological structures, measure the frequency of their usage, and propose appropriate activities or interventions to enhance students' writing skills. Employing both qualitative and quantitative approaches and utilizing a descriptive method, the researchers documented the informal words found in the students' compositions.*

*Findings revealed that the students frequently used informal expressions, particularly slang and colloquial forms. Six classifications of informal language emerged from the data: slang (balbal), colloquial (kolokyal), swardspeak, provincial (lalawiganin), PML (text-based or street language), and millennial slang. Results also indicated that these words display varied and distinct processes of word formation depending on the type of expression produced. Furthermore, the students demonstrated a high frequency of using informal language in their written outputs.*

*As an output of the study, a Strategic Intervention Material (SIM) was developed to support the improvement of students' knowledge and skills in composition writing.*

***Keywords:*** *Informal Language, Informal Speech, Instructional Material, Slang, Word Level*

## INTRODUKSYON

Sa pakikisalamuha natin sa araw-araw, hindi natin maiiwasan ang pakikipag-usap gamit ang berbal o di -bernal na pakikipag komunikasyon. Ang komunikasyong berbal ay tumutukoy sa lahat ng uri ng nasusulat at sinasalita gamit ang wika samantalang ang di-berbal naman ay tumutugon sa lahat ng aspetong hindi ginagamitan ng mga salita. Sa panahon ngayon ay uso sa kabataan ang paggamit ng social media. Karamihan sa mga kabataan ngayon ay gumagamit ng teknolohiya. Dito ay mabilis silang naiimpluwensyahan. Ang paggamit nito ay sa pamamagitan ng pagpapalit-palit sa wikang Ingles at Filipino. Makikitang naiipahayag ng mga kabataan ang kanilang sarili gamit ang social media at wikang Filipino.

Kaya't marami sa kanila ang gumagamit ng iba't ibang pamamaraan ng pagsasalita ng mga salitang impormal. Ayon kina Quia, L. (2024), ang mga impormal na salita ay kinabibilangan ng lalawiganin, kolokyal at balbal. Ang lalawiganin ay ginagamit sa isang partikular na lugar. Samantala, ang kolokyal naman ay ang pang-araw-araw na salitang ating ginagamit. Ang huli ay pinakamababang antas ng wika, ang mga salitang balbal. Hango sa salitang Espanyol na *calle* na ang ibig sabihin ay kalsada o street, ang mga salitang balbal ay kinikilala ring salitang kalye, salitang kanto o salitang panlansangan. Ang salitang balbal o slang sa Ingles ay ang pamantayang paggamit ng mga salita sa isang wika ng isang partikular na pangkat ng lipunan. Katunayan, sinabi ni Blanch (2019) na ang mga salitang balbal ay nagsisilbing "parangal sa mga dalubhasang Pilipino na may abilidad gawin na masaya at libangan ang wika". Ito ay sa kadahilanang nagmumula ang mga salitang balbal sa iba't ibang pangkat ng masa o mga estudyante, drayber ng jeep, artista, empleyado at *gay community*. Samakatwid, ang mga salitang balbal ay maaaring magsilbing tanda ng pagkamalikhain at pagkamasayahin ng mga Pilipino. Sa pamamagitan ng paggamit ng ganitong uri ng salita, naipahahayag ng mga Pilipino ang kanilang saloobin nang may ganap na kalayaan sa paraang nais at kaaya-aya. Ngunit nagiging suliranin sa pagsulat ng mga mag-aaral partikular sa paggamit ng mga impormal. Marahil nga ay nakaaapekto ang kanilang mga karanasan sa paggamit ng teknolohiya, impluwensiya ng mga salitang dayuhan, slang sa kasalukuyang panahon, nababasa at mismong sa kanilang pakikipag-usap. Ang mga kaisipang ito ay nararapat na mapag-aralan sa gayon ay makapag-ambag ng mga tuntuning masunod para sa kaisahan at kahusayan ng pagsulat ng mga mag-aaral.

Nangangahulugan lamang na may mga salitang impormal na nagagamit ng mga mag aaral. Ang mga salitang impormal ay masasabing sa ilang tiyak na sitwasyon lamang nararapat gamitin. Ngunit kung ito ay mailalatag ng mga mag-aaral at patuloy pang gagamitin ay lalo pa itong makaiimpluwensiya sa iba pang mag-aaral at magreresulta sa lalo pang lumalawak na suliranin sa pagsulat. Sa ganitong pananaw, bilang isang guro ay kinakailangang makapagsagawa ng interbensiyon sa gayon ay makapag-ambag sa layunin ng pamahalaan at ng lahat pang mga indibidwal sa akademiya tungo sa pagpapahusay sa paggamit ng wikang Filipino.

## OBJECTIVES OF THE STUDY

Ang pag-aaral na ito'y naglalayong masuri ang mga sulatin ng mga mag-aaral

sa wikang Filipino nang sa gayon ay matukoy kung ano ang antas ng salitang ginagamit. Layunin din ng pag-aaral na matukoy at maiklasipika ang mga salitang ginagamit ng mga mag-aaral sa kanilang pagsulat sa gayon ay magkaroon ng isang malawak na kaalaman kung paanong maaaring mapahusay ang paggamit ng mga mag-aaral ng mga salita at maiwasan ang paggamit ng mga salitang di pormal. Higit sa lahat, makabuo at makapagpanukala ang mananaliksik ng mga gawain o kaya ay hakbang sa pagpapabuti ng paggamit ng mga salita ng mga mag-aaral.

## METHODOLOGY

Ito ay isang Kwalitatibo at Kwantitatibo na pag-aaral na gumamit n**g** deskriptibong pamamaraan. Bagamat ginamit din ang *document analysis* sapagkat ginamit ng mananaliksik ang mga komposisyong sinulat ng mga mag-aaral sa ikalawang baitang upang matukoy ang mga salitang impormal at maiklasipika ang mga sallita sang-ayon sa antas na kinabibilangan nito.

Ang kuwalitatibong disenyo ng pananaliksik ang lalong ginamit sa pag-aaral dahil may layunin itong masiyasat ang mga salita na ginagamit ng mga mag-aaral, matukoy para sa klasipikasyon nito.

Ang kuwantitatibong disenyo ay ginamit din sa pag-aaral para sa pagtukoy sa dalas ng paggamit ng mga mag-aaral sa mga salitang di pormal na natukoy sa mga komposisyon ng mga mag-aaral. Ayon kay Babbie (2020), tuon nito ang obhektibong panukat, at mga numerikal na pagsusuri ng mga nakalap na datos gamit ang structured research instrument.


Para sa pagtukoy ng mga salitang impormal ay ginamit ang analisis ng mga dokumento. Ginamit ang mga sinulat na komposisyon ng mga mag-aaral upang maipakita ang katunayan ng kanilang paggamit ng mga salitang impormal.

Ang mga kalahok sa pananaliksik na ito ay nagmula sa Baitang 8 ng Manaoag National High School kung saan nagsasagawa ng pagtuturo ang mananaliksik. Ang pagpili ng mga kalahok ay isasagawa sa pamamagitan ng Purposive – Total Population Sampling kung saan, lahat ng mga mag-aaral sa Baitang 8 na may kabuoang 252 ay maging kasama sa mapagkukunan ng datos. Dahil din sa ideya na pormal na salita ang karaniwang ginagamit sa pagsulat, mainam na ang kalahatan ng mag- aaral sa Baitang 8 ay maging kasama sa mapagkukunan ng datos.

Upang maisakatuparang makamit ang layunin ng pag-aaral, ang sunod-sunod na hakbang ay susundin ng mananaliksik:

**Journal of Multidisciplinary in Education** | ISSN print 3082-5024 e 3082-5237
AARRC CONSCRIPTOR PUBLISHING CORP | Volume 1|Issue 4|Dec 9, 2025






Salitang Impormal na Ginagamit ng mga Mag-aaral sa Pagsulat ng Komposisyon

Batay sa paksa at layuning nakalatag sa Baitang 8, ang mga layuning F8PN-Id-f-21 na tumatasa ukol sa paglalahad ng sariling pananaw sa pagiging makatotohanan/ dimakatotohanan ng mga puntong binibigyang diin, F8PS-iif-g-27 na tungkol sa paglalahad nang maayos ng pansariling pananaw, opinyon at saloobin kaugnay ng akdang tinalakay at F8PU-iif-g-27 na para sa pagpipili ng isang napapanahong paksa sa pagsulat ng isang sanaysay ang nabigyang tuon.

Sa pagsulat ng mga mag-aaral, hindi binigyan ng anumang kaisipan na ang kanilang isinulat na sanaysay ay bahagi ng isang pananaliksik. Nagbigay ng ilang paksa ang guro bilang gabay sa pagsulat ng mga mag-aaral. Pumili ang mga mag-aaral mula sa mga paksa at nasabihan din na malaya rin silang pumili ng ibang paksa na nanaisin nilang isulat basta't isasangguni ito sa guro. Ilan sa mga paksa ay ang sumusunod: *Ang ugnayan ng wika at teknolohiya, Kalagayan ng wika sa kasalukuyan, kung paano maisasalba ang mga wikang namamatay na wika ng mga kabataan sa kasalukuyan, papaunlad ba? Tradisyon at kaugaliang Pilipino, Pananampalataya at lipunan sa kasalukuyan. Ang politika ng bansang Pilipinas, Korapsiyon at kahirapan, ang pagtanggap sa mga LGBTQIA+ sa lipunan ang mga milenyal, Gen Z at Generation Alpha bilang mga mamamayan ng bansa.*

Ang sinulat na sanaysay ay impormatibo at malayang isinagawa ang pagpili ng mga mag-aaral ng pamagat ng susulating sanaysay. Ipinasulat din ang sanaysay bilang bahaging output ng isang paksang tinalakay sa klase.

Batay sa mga komposisyong sinulat ng mga respondente, natuklasan na ang sumusunod ay mga salitang impormal na ginamit ng mga mag-aaral sa pagsulat ng komposisyon. Ang datos ay mula sa 248 sulatin ng mga mag-aaral sa kabuoang 252.

**Talahanayan 1. Mga Salitang Impormal na Ginamit ng mga Mag-aaral**

| Salitang Impormal | Kahulugan |
|---|---|
| Epek | Okay |
| FOMO | Fear of missing out |
| Shade | Patagong insult o pambabatikos |
| Lowkey | Hindi halata o hindi masyadong ipinapakita |
| Adulting | Responsibilidad bilang isang adult |
| Extra | Sobra-sobrang effort |
| Slay | Magaling o standout |
| Ghosting | Biglaang pagkawala sa isang relasyon |
| Savage | Matapang o walang pakialam |
| BAE | Before anyone else (jowa) |
| Fes | Mukha |
| Wa epek | Walang epekto |
| Buwaya | Taong gahaman/kurakot |
| Parak, lespu | Pulis |
| Iskapo | Takas |
| Epal | Mapapel o papansin |
| Negang nega | Negatibo |
| Etneb | 20 pesos na pera |
| Pre | Pare/ pantawag sa lalaking kaibigan |
| Ermats/Erpats | Nanay / tatay |
| Japorms | Porma |
| Lodi | Idolo o hinahangaan |
| Petmalu | Malupit o kahanga-hanga (baliktad ng salitang "malupit") |
| Bes | Kaibigan, pinaikling anyo ng "best friend." |
| Sana All | Pahayag ng pagnanais na maranasan o magkaroon ng bagay na tinutukoy ng iba. |
| Charot | Nagbibiro o just kidding |
| Keri | Kaya o kayang gawin |
| Tigok | Patay |
| Arat na | Tara na o nagpapakita na may gustong puntahan |
| Kwarta | Ito ay isang salita sa Ilocano na nangangahulugang “pera” |
| Ditse | Ito ay salitang hango sa Chinese, na ginagamit sa iba pang parte ng Pilipinas. Ito ay nangangahulugang “Pangalawang babae na kapatid” |
| Antay | Hintay (Salitang kilos o gawa.) |
| Ayoko | Ayaw ko (Salitang ginagamit upang maipahayag ang hindi pagkagusto) |
| Kamo | Wika mo (Ekspresyon na nangangahulugang “sabi mo.”) |
| Meron | Mayroon (Salitang ginagamit upang ipahayag ang pagkakaroon ng isang bagay) |
| Pano | Paano (Tumutukoy sa anong paraan, hakbang, o metodo na dapat gawin) |
| Penge | Pahingi ako (Nangangahulugang humingi o manghingi) |
| Nasa’n / San | Nasaan (Salitang patanong na kung saan ay naghahanap.) |
| Sa’kin | Sa akin (Salitang na ginagamit upang ipahayag ang pagmamay-ari sa isang bagay) |
| Wag | Huwag |
| Neto | Nito |
| Don / Dun | Doon |
| As in | Talaga |
| Kelangan | Kailangan |
| Sobrang | Napaka/Maraming |
| Ganon | Ganito/Ganyan |
| Ok lang | Ayos lang |
| Andun | Nandoon |
| Ganun | Ganoon |
| Kumusta? | Kamusta |
| Tol | Kaibigan/Tropa |
| Kain | Kumain |
| Bakit | Bakit |
| Grabe | Sobra |
| Lika | Halika |
| Di ko alam | Hindi ko alam |
| Bili | Bumili |
| Tara | Halika/Alis na tayo |
| Sakit ng ulo | Masakit ang ulo |
| Musta? | Kamusta |
| Tambay | Pagtambay |
| Saan na? | Nasaan na |
| Kamusta? | Kamusta |
| Walwalan | Nagmula ito sa mga salitang “walang pakialam,” “walang pangarap” at “walang kinabukasan.” |
| Sikyo | Security |
| Yosi | Sigarilyo |

Makikita na maraming impormal na salita ang ginamit ng mga mag-aaral, kabilang ang balbal, kolokyal, sward, lalawiganin, modernized language, at mga terminong milenyal/Gen Z. Ang balbal ay nabubuo mula sa pagbabago ng bigkas, paghiram, pagbabaligtad ng salita, at pag-aangkop sa uso o “trend,” kaya nagiging bahagi ito ng wikang Filipino. Karaniwang ginagamit ito sa araw-araw, lalo na sa social media at mga casual na usapan, ngunit hindi sa pormal na sulatin.

Ang kolokyal naman ay pinaikling anyo ng pormal na salita upang mapadali ang komunikasyon, lalo na sa text at social media. Mas ginagamit ito ng kabataan dahil mabilis, simple, at mas relatable. Bagama't nakatutulong ito sa pagiging makabago ng wika, nananatiling hindi ito angkop sa pormal na konteksto.

Ayon kina Pasia (2021) at Santiago (2020), natural ang paglitaw ng mga impormal na salita sa araw-araw na karanasan at midya. Wala itong mahigpit na tuntunin at nakabatay sa sitwasyon at kausap, kaya't pinahahalagahan ang kalayaan sa pagpapahayag. Gayunpaman, dapat gamitin ang pormal na wika sa paaralan, opisina, at iba pang propesyonal na sitwasyon.

Ipinapakita ng pag-aaral na maging sa mga sulatin ng mag-aaral ay naisasama nila ang impormal na wika, na dapat bigyang-pansin sa pagtuturo ng Filipino.

**Seksiyon 2. Klasipikasyon ng mga Salitang impormal na Ginagamit ng mga Mag-aaral**

Ang mga nakalap na salitang impormal ay sinikap ng mananaliksik na ihanay ayon sa klasipikasyon ng mga salitang impormal. Ginamit ng mananaliksik ang paghahanay ayon sa presentasyon ng antas ng wika na tinatalakay sa pag-aaral ng Filipino. Batay sa mga sinulat na komposisyon, ganito ang pagkakahanay ng mga salitang impormal:

**Talahanayan 2: Klasipikasyon ng mga Salitang impormal na Ginamit ng mga Mag-aaral sa Sinulat na Komposisyon**

| KLASIPIKASYON NG SALITA | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| PORMAL | DI PORMAL | | | | | |
| Pambansa Pampanitikan | Balbal | Kolokyal | Millenial Slang | Gay Linggo | PML | Lalawigan in |
| | Epek<br>Wa epek<br>Buwaya<br>Parak, lespu<br>Epal<br>Etneb<br>Ermats/Erpats<br>Japorms<br>Lodi<br>Petmalu<br>Tigok<br>Arat na<br>Sobra<br>Grabe<br>Sakit ng ulo<br>Musta?<br>Walwalan<br>Sikyo | Iskapo<br>Pre<br>Kwarta<br>Antay<br>Ayoko<br>Kamo<br>Meron<br>Pano<br>Penge<br>Nasa'n / San<br>Sa'kin<br>Aysus<br>Wag<br>Neto<br>Don / Dun<br>Kelangan<br>Ganon<br>Ok lang | Lowkey<br>Extra<br>Slay<br>Ghosting<br>Savage<br>Sana All<br>As in | Fes<br>Negang nega<br>Bes<br>Charot<br>Keri | FOMO<br>Shade<br>Adulting<br>BAE | Ditse |
| | Yosi | Andum<br>Ganun<br>Tol<br>Kain<br>Lika<br>Di ko alam<br>Bili<br>Tara<br>Tambay<br>Kamusta? | | | | |

na nakasanayan na nila ang paggamit ng pinaikling salita kaya't natural itong nailalapat sa kanilang pagsulat, gaya ng *iskapo, pre, pano, penge, san, wag, kelangan, ganun,* at iba pa.

Nagiging laganap ang kolokyal dahil mas madali itong gamitin sa araw-araw at hindi ito nangangailangan ng mahigpit na tuntunin sa gramatika. Dahil dito, nagiging bahagi na rin ito ng pagsusulat ng mga mag-aaral at nakikita ang kalayaan sa pagpapahayag.

Kapansin-pansin din ang paggamit ng balbal, na bahagi na ng makabagong bokabularyo. Nabubuo ito sa tatlong

**Journal of Multidisciplinary in Education** | **ISSN print 3082-5024 e 3082-5237**
**AARRC CONSCRIPTOR PUBLISHING CORP** | Volume 1|Issue 4|Dec 9, 2025

**"Strategic Innovations Across Learning, Technology, and Business for Development and Growth"**

paraan—paglikha, pagbabaligtad, at pagbibigay ng bagong kahulugan. Halimbawa, *epek, wa epek, epal, japorms, tigok, parak,* at *walwalan* ay halimbawa ng pagbuo; *lespu, etneb, lodi, petmalu,* at *arat* ay mula sa pagbabaliktad; samantalang ang *buwaya* at *parak* ay may makabagong konotasyon.

Samantala, ang Millennial/Gen Z slang tulad ng *lowkey, extra, slay, ghosting, savage, sana all,* at *as in* ay nagpapakita ng impluwensya ng modernong kultura at social media. Ang mga salitang ito ay mas expressive at ginagamit upang ilarawan ang personalidad, kilos, at karanasan ng kabataan.

Sa kabuuan, malinaw na ang paggamit ng impormal na wika ay malalim nang nakaugat sa komunikasyon ng mga mag-aaral at natural na naisasama nila ito sa kanilang pagsulat.

Halimbawa, sa mga sulatin ay makikita ang ganitong pahayag:

| Salita | Kahulugan | Paggamit |
|---|---|---|
| Savage | Matapang o walang pakialam | *"...minsan ay savage ng comeback ng mga katulad kong estudyante."* |
| Ghosting | Biglaang pagkawala sa isang relasyon | *"Ngunit marami pa rin ngayon ang nagiging bahagi sa isang relasyon na biktima amang ng ghosting."* |
| Slay | Magaling o standout | *"...slay na slay ang naging performance niya."* |
| Extra | Sobra-sobrang effort | *"Ang extra ng suot niya. Naging stand out siya sa maraming tao"* |
| Lowkey | Hindi halata o hindi masyadong ipinapakita | *"Lowkey, gusto ko siyang makasama."* |

Nalilimitahan ang paggamit nito sa akademikong pagsulat dahil hinihingi ng mga gawaing pormal ang mas maingat na pagpili ng salita. Gayunman, ang presensya ng ilang salitang bakla sa kanilang komposisyon ay nagpapakita ng pagiging totoo sa kanilang wikang ginagamit sa araw-araw.

Ayon kay Moreno (2023), lumawak ang bokabularyo ng swardspeak dahil sa malikhaing paggamit ng mga bakla, habang binigyang-diin ni Alba (2022) na patuloy itong nagbabago kasabay ng kultura at karanasan ng mga gumagamit nito. Dahil dito, nagiging simbolo ito ng kalayaan sa pagpapahayag at paglabag sa mga tradisyonal na pananaw.

Batay sa karanasan ng mananaliksik, ang swardspeak ay nagiging bahagi na ng karaniwang usapan, ngunit mahalagang maunawaan na nagsisilbi rin itong marker ng pagkakakilanlan ng isang komunidad. Kaya't dapat gamitin lamang ito sa mga angkop na sitwasyon.

Historikal na umusbong ang Filipino gay lingo bilang paraan upang maging pribado ang komunikasyon ng mga bakla, at kalaunan ay naging tagapagdala ng kanilang kultura. Para kay Almaden (2023), ang swardspeak ay nagtataguyod ng pagkakaisa at pagkilala sa loob ng LGBTQ+ community at unti-unti nang tinatanggap sa mas malawak na lipunan.

Samakatuwid, malaya ang sinuman sa paggamit ng mga salitang impormal, ngunit sa pormal na pagsulat, nararapat pa ring isaalang-alang ang estilo, uri ng akda, at layunin ng teksto. Ang paggamit ng impormal na wika ay dapat may malinaw na dahilan at naaayon sa konteksto.

**Seksiyon 3. Palabuoan ng mga Salitang Impormal na Ginagamit ng mga Mag-aaral**

| Paraan ng Pagkakabuo | Halimbawang Salita | Deskripsiyon ng Pagkakabuo |
|---|---|---|
| *(1) Panghihiram sa mga wikang banyaga* | epek (effect)<br>wais (wise) | Ang mga salita ay hinango sa salitang banyaga. Pagkatapos ay binaybay at sinalita sang ayon sa Pilipino. |
| *(2) Pagbibigay ng kahulugan ng salitang Tagalog (Konotasyon)* | buwaya (greedy crocodiles)<br>bata (child or girlfriend)<br>durog (powdered – high in addiction)<br>parak (police) | Ginamitan ang salita ng ibang kahulugan kaysa karaniwang pagpapakahulugan |
| *(3) Pagbabaliktad ng salita* | Pagbaliktad ng buo<br>etned – bente<br>kita – atik<br>arat – tara<br>Pagbaliktad na papantig<br>Lespu – pulis<br>Petmalu - malupet<br>dehin – hindi<br>ngetpa – panget<br>tipar – parti | Ang mga salita ay binaliktad nang buo; o kaya ang salita ay binaliktad na papantig |
| *(4) Panghihiram at pagbaliktad* | Lodi - idol<br>Ermats – mater/mother<br>Erpats – pater/father | Ang mga salita ay hiniram sa banyaga pagkatapos ay binaliktad nang buo o kaya ay papantig |
| *(5) Paghahalo ng salita* | bow na lang ng bow<br>wa epek (walang epekto) | Ang salita ay pinaghalong English-Filipino, pagkatapos ay nilapatan ng iba pang paraan ng pagbuo |
| *(6) Pagpapaikli* | Wa (wala)<br>Pre (kumpare) | Ang salita ay pinaikli. Inalis ang ilang titik o kaya ay pantig. |
| *(7) Malikhaing pagbuo* | Epal (pakialamera)<br>Tigok (Patay)<br>Grabe (sobra)<br>Walwalan(inuman) | Bumuo ng salita at binigyan ng sariling kahulugan |
| *(8) Kumbinasyon ng maraming paraan ng pagbubuo* | Pagbabaligtad at Pagdaragdag<br>hiya – yahi – dyahi<br>Pagpapaikli at Pag-Pilipino<br>Pino – Pinoy<br>Mestiso – Tiso, Tisoy<br>Pagpapaikli at Pagbabaligtad<br>sigarilyo – siyo – yosi<br>Panghihiram at Pagpapaikli<br>security – sikyo | Ang mga salita ay ginamitan ng dalawa hanggang tatlong paraan ng pagbubuo. Halimbawa ay Pagbabaligtad at Pagdaragdag,<br>Pagpapaikli at Pagbabaligtad at<br>Panghihiram at Pagpapaikli |

Batay sa natuklasang klasipikasyon ng mga salita at sang-ayon sa mga salitang ginamit ng mga mag-aaral sa pagsulat, ang mga salitang pambansa at pampanitikan ay sadyang hindi na naibilang sa mga sinuri sapagkat ang mga ito ang mga salitang karaniwan nang ginagamit sa pagsulat ng komposisyon. Ang mga salitang impormal na nahahati sa mga klasipikasyong balbal, kolokyal, millenial slang, gay Linggo o sward, PML at lalawiganin ang magiging pokus upang ilahad ang palabuoan ng mga salita.

Ang mananaliksik ay nagsagawa ng *net browsing* para sa bahaging ito at nilapatan ng sariling pagsusuri upang matiyak ang pagkamakatotohanan ng isinagawang pagsuri sa palabuoan ng mga salitang impormal.

Batay pa rin sa mga salitang ginamit ng mga mag-aaral sa Baitang 8 ng Manaoag National High School sa kanilang pagsulat, natuklasan na ang mga salita ay nabubuo sa pamamagitan ng sumusunod:

Batay sa Talahanayan 3.1, may walong paraan ng pagbubuo ng salitang balbal, at lahat ng salitang nakalap mula sa komposisyon ng mga mag-aaral ay nabibilang sa alinman sa mga ito. Ipinapakita nito na ang balbal ay bahagi na ng kanilang natural na pakikipag-usap kaya't nadadala nila ito sa pagsulat.

Gayunman, nangangailangan ito ng interbensiyon mula sa guro upang maiwasang tuluyang malimutan o mapawalan-halaga ang mga pormal at pampanitikang salita. Binanggit sa isang blog na *Balbal ay Sagabal* na ang paglaganap ng balbal ay higit pang lumalawak dahil ginagamit maging sa

midya, sosyal na personalidad, at edukadong indibidwal, dahilan upang magmukhang normal at katanggap-tanggap. Gayunpaman, may negatibong epekto ito sa imahe at pag-unlad ng Wikang Filipino dahil mas umiiral ang mga salitang uso kaysa mga salitang nakabatay sa diksyunaryo.

Ayon sa paliwanag na ito, ang balbal ay madaling makaimpluwensiya lalo na sa kabataan at nagagamit kahit sa pormal na usapan. Unti-unti ring napapalitan ng mga bagong salitang "in" ang mga lumang salitang Filipino na hindi na nagagamit at nalilimutan. Bukod dito, may mga salitang balbal—tulad ng pagmumura, salita-kalye, jejemon, at salitang walang kabuluhan—na nakasisira sa reputasyon ng wika dahil masagwa o hindi akma sa pormal na sitwasyon.

Dagdag pa, ang mabilis na pag-usbong ng mga bagong balbal sa bawat henerasyon ay nagiging sanhi upang maging mas pamilyar ang kabataan sa mga salitang ito kaysa sa sariling wikang Filipino. Nagbibigay ito ng impresyong tila "nosebleed" ang mga salitang Tagalog na nasa diksyunaryo dahil hindi na ito nagagamit sa araw-araw.

Napatutunayan din ang pahayag nina Panganiban at Belvez tungkol sa iba't ibang antas ng wika, na ang balbal ay kabilang sa pinakamababang antas dahil madalas itong masagwa at hindi pormal. Sa kabuuan, nakaaapekto ang sobrang paggamit ng balbal sa imahen ng Wikang Filipino at nagiging hamon sa mga guro at tagapagtangkilik ng wika.

Gayunpaman, hindi nangangahulugang masama ang paggamit ng balbal. Ang wika ay nagbabago at ang balbal ay bahagi ng kulturang pangkabataan. Ang pinakamahalaga ay magkaroon ng balanseng paggamit—huwag kalimutan ang wikang Filipino at gamitin ang balbal sa angkop na konteksto upang mapanatili ang dignidad ng wika.

**Talahanayan 3.2**

**Palabuoan ng Salitang Kolokyal**

| Paraan ng Pagkakabuo | Halimbawang Salita | Deskripsiyon ng Pagkakabuo |
|---|---|---|
| *(1) Pagkaltas ng isang titik* | Kwarta (Kuwarta)<br>Pano (Paano)<br>Nasa'n / San (Nasaan.Saan)<br>Sa'kin (Sa akin)<br>Don / Dun (Doon/Duon)<br>Ganon (Ganoon) | Ang salita ay tinanggalan ng isang titik |
| *(2) Pagpapalit ng titik* | Iskapo (Eskapo)<br>Neto (Nito)<br>Kumusta? (Kumusta?) | Ang isang titik ng salita ay pinalitan ng titik na may kahawig na tunog |
| *(3) Pagpungos ng mga salita* | Pre<br>Penge<br>Kain<br>Lika<br>Bili<br>Di ko alam (Hindi ko alam)<br>Wag | Ang salita ay tinanggalan ng dalawa hanggang apat na letra |
| *(4) Kumbinasyon* | Antay<br>Ayoko<br>Meron<br>Kelangan<br>Kamo<br>Andun<br>Ganun | Kumbinasyon ng iba't ibang palabuoan<br>Pagkaltas at Pagpapalit titik<br>Hintay = intay<br>= antay<br>Ayaw ko = Ayako<br>= Ayoko<br>Ganoon = ganon<br>= ganun |

salitang *kwarta, pano, san, sa'kin, don/dun, ganon, pre, penge, wag,* at iba pa. Ipinapakita nito na ang kolokyal ay nagmumula sa pormal na salita ngunit pinapasimple para sa mabilis na pagsasalita at pagsulat.

Maliwanag na ang kolokyal ay mga pinaikli

o binagong pormal na salita, na nililikha sa pamamagitan ng pagpapaikli, pagputol, o paghahalo ng mga bahagi ng salita. Ayon sa EPRA (2022), makatutulong ang pagkakaroon ng patakaran sa paaralan upang mabawasan ang labis na paggamit ng kolokyal at balbal, at mapalakas ang paggamit ng tamang ispeling, pananda, at pormal na wika sa pagsulat.

Kung maisasabuhay ang mga alituntuning ito, mas magiging maayos ang paggamit ng wika at higit pang mapahahalagahan ang Filipino kahit sa panahon ng mabilis na paglaganap ng teknolohiya.

**Talahanayan 3.3 Palabuoan ng mga Salitang PML, Swardspeak at Millenial Slang**

| Paraan ng Pagkakabuo | Halimbawang Salita | Deskripsiyon ng Pagkakabuo |
|---|---|---|
| ***Palabuoan ng Salitang PML*** | | |
| *(1) Paghiram na may konotasyon* | Lowkey<br>Extra<br>Slay<br>Ghosting<br>Savage<br>As in | Ang salita ay hiniram mula sa wikang banyaga at binigyan ng ibang kahulugan sang-ayon sa kung paano ginamit sa pahayag |
| *(2) Paghahalo (mixing)* | Sana All<br>Pa-sharks | Pinaghalong English at Filipino, ang kahulugan ng salita ay nagbabago sang-ayon sa kung paano ito ginamit sa pahayag |
| *(3) Pagdadaglat* | OOTD<br>YOLO<br>FYI<br>WULT<br>HHWW<br>**batay sa isinagawang net browsing* | Ang pahayag ay dinaglat, karaniwang ginagamit ang mga pahayag sa wikang English, ang salita ay naglalahad ng karaniwang kahulugan ng pahayag |
| ***Palabuoan ng Salitang Sward*** | | |
| *(1) Pagbabago ng baybay* | Fes (Mukha)<br>Bes (Bestfriend)<br>Keri (Kaya) | Ang salita ay hango sa wikang English at binago ang baybay. |
| *(2) Pagpapaikli at pag-uulit* | Negang nega (Negative) | Ang salita ay mula sa wikang English, inalis ang ilang titik at saka inulit. |
| *(3) Pagbuo* | Charot (Biro lang)<br>Chaka (Pangit) | Binuo ang salita at nabigyan ng sariling kahulugan |
| *(4) Paggamit ng salitang Filipino at pagsurugtong ng alinman sa titik na c, f, j, x, z, h at y* | Sinech (sino)<br>Ditech (Dito)<br>Itech (Ito)<br>Itey (Ito) | Ang salita ay mula sa Filipino at nilapatan ng mga titik na c, f, j, x, z, h at y. |
| ***Palabuoan ng Salitang Millenial Slang*** | | |
| *(1) Pagdadaglat* | FOMO (Fear of missing out)<br>BAE (Before anyone else) | Ang pahayag ay dinaglat at nabigyan ng karaniwang kahulugan. |
| *(2) Paghiram ng salita sa sa wikang at pagbibigay ng karaniwang kahulugan at/o konotasyon* | Shade (Patagong insult o pambabatikos)<br>Adulting (Responsibilidad bilang isang adult) | Paghiram ng salita mula sa wikang English at pagbibigay ng kahulugang karaniwan o kaya ay konotasyon ng salita. |

Natuklasan ng mananaliksik na maraming salitang gay ang ginagamit ng mga mag-aaral, bagaman nananatiling limitado ang mga ito sa kanilang sulatin dahil karaniwang mas pormal ang wikang ginagamit sa sanaysay. Dahil dito, mas malinaw na naitalâ ang palabuoan ng mga salitang gay batay lamang sa mga salitang aktuwal na ginamit ng mga mag-aaral.

Para sa Popularly Modernized Language (PML), may tatlong natukoy na palabuoan:

1. Paghiram na may konotasyon – gaya ng *lowkey, extra, slay, ghosting, savage, as in*, na hiram mula sa Ingles ngunit nabago ang kahulugan batay sa gamit.
2. Paghahalo (mixing) – pagsasanib ng Filipino at Ingles tulad ng *sana all* at *pa-sharks*.
3. Pagdadaglat – gaya ng *OOTD, YOLO, FYI*, na karaniwang ginagamit sa digital at social-media communication.

Sa swardspeak, nakilala ang apat na palabuoan:

1. Pagbabago ng baybay – *fes, bes, keri*;
2. Pagpapaikli/pag-uulit;
3. Pagbuo – *charot, chaka*;
4. Pagdaragdag ng c, f, j, x, z, h, y sa salitang Filipino – gaya ng *Sinech, Ditech, Itech*. Ipinapakita nito ang malikhaing katangian ng swardspeak bilang wika ng pagkakakilanlan at komunidad ng LGBTQIA+. Ayon kay

Sangga (2019), umuunlad ang wikang ito at marami nang salita ang naging bahagi ng pang-araw-araw na bokabularyo ng mga Pilipino.

Samantala, sa millennial slang, dalawang palabuoan ang nakilala:

1. Pagdadaglat – *FOMO, BAE*;
2. Paghiram ng salita at pagbibigay ng bagong kahulugan – *shade, adulting.* Kadalasang ginagamit ang mga salitang ito sa social media platforms tulad ng TikTok, Instagram, at X, at maging sa casual na usapan at marketing.

**Seksiyon 4: Dalas ng Paggamit ng mga Mag-aaral sa mga Salitang Impormal**

Ang bahaging ito ay nagpapakita kung gaano kadalas nakalilikha o nakagagamit ng mga salitang impormal ang mga mag-aaral sa kanilang pagsulat. Binilang ng mananaliksik angmga salita sa mga papel ng mga mag-aaral at ito ay itinala. Ang Talahayan 4 ay nagpapakita ng dalas ng paggamit ng impormal na salitamga mag-aaral.

**Talahanayan 4**

**Dalas ng Paggamit ng mga Mag-aaral ng mga Salitang Impormal sa Pagsulat**

Batay sa talahanayan, makikita na madalas gamitin ng mga mag-aaral ang mga salitang impormal sa kanilang pagsulat. Sa kabuuang 248 mag-aaral, lahat ay gumamit ng impormal na salita, na umabot sa 976 na salita sa kanilang mga sanaysay. Ipinapakita ng datos na ang average na bilang ng impormal na salita bawat mag-aaral ay 3.93, na nagpapahiwatig ng mataas na antas ng paggamit. Nangangahulugan ito na komportable ang mga mag-aaral sa paggamit ng mas kaswal at di-pormal na wika, na nakakaapekto sa estilo at tono ng kanilang pagsulat.

.

| Dalas ng Paglikha | Bilang ng Mag-aaral na Gumamit ng Impormal na salita | Kabuuang Bilang ng mga Mag-aaral na nakagamit ng Salitang Impormal | Average ng ginamit na salita | Deskripsiyon |
|---|---|---|---|---|
| 9-10 | 148 | | 3.93 | Napakadalas |
| 7-8 | 38 | | | Madalas |
| 5-6 | 30 | | | Di-gaanong madalas |
| 3-4 | 22 | | | Hindi Madalas |
| 1-2 | 10 | | | Lubhang hindi nakapamadalas |
| **TOTAL** | **248** | **248** | **3.93** | |

**Legend:**

| | | |
|---|---|---|
| 9-10 | na paggamit | Napakadalas |
| 7-8 | na paggamit | Madalas |
| 5-6 | na paggamit | Di-gaanong madalas |
| 3-4 | na paggamit | Hindi Madalas |
| 1-2 | na paggamit | Lubhang hindi nakapamadalas |

impormal na salita ay nagbibigay ng mahalagang pananaw sa karanasan ng mga mag-aaral at sa kanilang paraan ng pagpapahayag ng sarili sa akademikong konteksto. Ipinapakita rin nito ang natural na koneksyon nila sa pang-araw-araw na komunikasyon, na nagiging bahagi ng kanilang paraan ng pagsusulat. Gayunpaman, ipinapahiwatig din ng datos ang pangangailangan para sa malinaw na gabay sa wastong paggamit ng pormal at impormal na wika, upang mapanatili ang

kalidad at bisa ng akademikong sulatin.

Ayon kay Hyland (2020), ang paggamit ng impormal na salita ay maaaring magsilbing kasangkapan upang maipahayag ang tono at personalidad ng manunulat. Ang mas maluwag at kaswal na tono ay maaaring magpadali sa pakikipag-ugnayan sa mga mambabasa, kaya't hindi nakakagulat na marami sa mga mag-aaral ang gumagamit nito sa kanilang sanaysay.

Sa kabuuan, ang pagsusuri sa datos ukol sa impormal na salita ay nagpapakita ng kakayahan ng mga mag-aaral na gamitin ang wika sa kanilang pang-araw-araw na karanasan at estilo. Habang nakatutulong ito sa mas maginhawang pagpapahayag, mahalaga ring turuan ang mga mag-aaral na balansihin ang pormal at impormal na wika sa akademikong konteksto. Ang mga guro ay maaaring magsagawa ng mga estratehiya upang mapaunlad ang kakayahan ng mga estudyante na malinaw at epektibong maipahayag ang kanilang mga ideya sa mas pormal na paraan.

## CONCLUSION AND RECOMMENDATION

Batay sa isinagawang pananaliksik, natuklasan ang sumusunod hinggil sa pagsulat ng komposisyon ng mga mag-aaral sa Baitang 8 ng Manaoag National High School:

- Paggamit ng Salitang Impormal: Ang mga mag-aaral ay nakagamit ng mga salitang impormal sa kanilang pagsulat ng komposisyon.
- Ang mga salitang ginagamit ng mga mag-aaral ay nabibilang sa anim na klasipikasyon: Balbal, Kolokyal, Sward, Lalawiganin, Popularly Modernized Language (PML), at Millenial Slang.
- Karaniwan nilang nagamit ang mga salitang balbal at kolokyal.
- Palabuoan: Ang mga impormal na salita ay may iba-iba at natatanging pamamaraan ng pagbuo batay sa uri ng salitang nalilikha.
- Dalas ng Paggamit: Ang mga mag-aaral ay nagpakita ng mataas na antas ng dalas sa paggamit ng mga salitang impormal. Ang *average* na bilang ng impormal na salita na ginamit ay 3.93 bawat sanaysay.

Kaya naman minumungkahi ng pag-aaral ang isang materyal (Strategic Intervention Material o SIM) bilang suporta para sa pagpapahusay ng kaalaman at kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsulat.

Inirerekomenda ng mananaliksik ang sumusunod upang maiwasto ang paggamit ng wika ng mga mag-aaral sa pagsulat ng komposisyon:

1. Bigyang-pansin, suriin, at magbigay ng *feedback* sa mga komposisyon ng mga mag-aaral, lalong-lalo na sa paggamit ng mga

salita, upang makatulong ito sa pagpapaunlad ng kanilang kasanayan sa pagsulat.

2. Ipaintindi sa mga mag-aaral ang paggamit ng mga salitang pormal sa pagsulat tulad ng pambansa at pampanitikan. Igiit na ang mga salitang impormal ay hindi dapat gamitin sa pagsulat ng komposisyon.

3. Ipaunawa sa pamamagitan ng pagtuturo na ang bawat salita ay may kanya-kanyang palabuoan. Bagama't ginagamit sa *oral* na komunikasyon ang mga impormal na salita, hindi ito katibayan na maaari itong magamit sa pagsulat ng komposisyon.

4. Paigtingin at palawakin ang paggamit ng mga salitang pambansa at pampanitikan. Gumamit ng mga gawaing tatasa sa kanilang mga bokabularyo at pagsulat ng mga pahayag.

5. Isaalang-alang ang pandaigdigang resulta ng *Functionally Illiterate* sa pagsulat, pagbasa, pang-unawa, at pagsasalita, batay sa natuklasan ng PSA survey.

6. Gamitin ang nabuong Strategic Intervention Material (SIM) sa pagtuturo ukol sa mga salitang Filipino. Malaki ang maitutulong nito sa pagpapahusay sa kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng komposisyon

**Panukalang Gawain o Interbesiyon para sa Pagpapahusay ng Kasanayan ng mga Mag-aaral sa Pagsulat ng Komposisyon**

Bilang tugon sa mataas na dalas ng paggamit ng impormal na wika ng mga mag-aaral sa Baitang 8, binuo ang isang Strategic Intervention Material (SIM).

Ang SIM na ito ay tatalakay sa mga salitang impormal at pagsulat ng komposisyon, at maaaring maipanukala bilang suportang materyal sa pagtuturo ng Filipino Baitang 8.

**SIM 1: Antas ng Wika:** Tatalakayin nito ang iba't ibang antas ng mga salita, naglalaman ng mga gawain at talakay na tututok sa makrong kasanayan ng pagbasa at pagsulat.

**SIM 2: Palabuoan ng Salitang Impormal**: Ito ay naglalaman ng paghahanay ng mga salita bilang gabay kung paanong ang mga impormal na salita ay maiwasan sa pagsulat ng komposisyon.

**REFERENCES**

Abedejos, M. (2021) Kasaysayan ng Pag-unlad ng Wikang Pambansa. Https:// www.coursehero.com/file/21550192/l8a-kasaysayan

ABS-CBN Entertainment (2022) Charo Santos-Concio reads an "MMK" letter in gay language | GGV. HTTPS://WWW.YOUTUBE.COM/WATCH?V=G8CRDRIZ2_0.

Aguilar, J.L. 2018. Mga dapat isaalang-

alang sa mabisang komunikasyon. HTTPS://WWW.SCRIBD.COM/DOC/33123375/MGA-DAPAT-ISAALANG-ALANG-SA-KOMUNIKASYON

Alba, R. A. (2022). In Focus: The Filipino Gayspeak (Filipino Gay Lingo). National Commission for Culture and the Arts. Retrieved from HTTPS://NCCA.GOV.PH.

Almaden, S. (2023) A Quick Tutorial To Learning "Gandara Park" & More Beki Words. Https://beelinguapp.com/blog/a-quick-tutorial-to-learning-gandara-park-&-more-beki words

Badayos, P. (2011) Metodolohiya sa pagtuturo ng wika : mga teorya, simulain at istratehiya. Grandwater Pub

Bacha, N. (2020). "Developing Writing Skills in a Second Language: A Study of Effectiveness and Assessment." The International Journal of Applied Linguistics, 12(1), 12-25.

Balbal ay Sagabal (2024) https://fili2015.wordpress.com/ Bernales, R. A. Et.al. 2009. Akademikong Filipino para sa kompetetibong Pilipino. Mutya Publishing House, Inc.

Blanch, M. (2019) Verbal and nonverbal comminication types. https://www.studocu.com/ph/messages/question/8580821/1-gamit-ang-natutuhan-sa aralin-tungkol-sa-mga-di-berbal-na-hudyat-atkaangkupan-ng-salitaretorika

Borbon, S. (2024). Ang bisa ng di berbal na komunikasyon sa pagpapaunawa ng mga kahulugan. Www.filipinayd.blogspot.com. /bisang/diberbal nakomunikasyon/

Catacutan, B. (2023) Swardspeak: A queer perspective. Https://artandmarket.net/reviews/2024/6/29/the-agi-in-motion-according-to-baklang kanals-swardspeak

Cruz, C. 2015. Ugaling Pilipino: noon at ngayon.Https://magingalagadngsining.wordpress.com/2015/08/ 06/ugaling-pilipino-noon-at ngayon/

Dela Cruz, M.. Et al. 2016. Pagsulat sa Filipino sa piling larangan: akademik. Diwa Learning Sytems, inc Different types of video conferencing systems. 2015. Https://www.eztalks.com/video conference/different-types-of-video-conferencing-systems.html

Drapeza, H. 2016. Kakayahang sosyolingguwistiko: paglikha ng angkop na pahayag sa tiyak na sitwasyon. Https://www.counsehero.com/file/19441702/sosyolingguwistika-H

Drapeza Gabriel, J. 2017. Seven amusing Filipino expressions and how to use them https://blog.gengo.com/translators/

Galingana, L. (2022) Berbal at di berbal na pakikipagtalstasan. 37 https://www.coursehero.com/file/121795327/Aralin-8-Berbal-at-Di-berbal-na Komunikasyonpdf/

Garcia, F. Et al. 2017. Filipino sa piling larang (Akademik). Quezon City: SIBS Publishing House GMA Integrated News. BT: Millenial slang: Salita ng makabagong kabataan. Https://www.youtube.com/watch?V=sdsqxv16qsy&t=36s GMA Public Affairs (2019) Gaano ba kalam ang mga Milenyal sa Wikang Filipino?Https://www.youtube.com/